***Habang May tsunami***

1. Huwag lumapit sa baybaying dagat upang panoorin ang pagdating ng tsunami. Lubhang mapanganib na gawin ito.
2. Manatili sa nilikasang lugar hangga't walang ulat ang kinauukulan na ligtas nang bumalik sa inyong komunidad.
3. Mag-antabay sa balita at mga anunsyo. Sundin ang babala ng tsunami warning center at ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology o PHIVOLCS. Sila ay nagbibigay ng babala at anunsyo tungkol sa tsunami sa pamamagitan ng balita sa radyo at telebisyon at sa mga lokal na Disaster Coordinating Council gaya ng MDCC at BDCC.
4. Alamin kung ang mga kapamilya at kabarangay ay nakalikas.
5. Tumulong na magkaroon ng kahinahunan laluna kung kasama ang marami.

***Pagkatapos ng tsunami***


1. Tiyaking ligtas na ang sitwasyon bago bumalik sa komunidad.
2. Alamin kung ano ang naging pinsala ng tsunami dito at ireport sa kinauukulan.
3. Tumulong sa mga gawaing pagkumpuni at pag-aayos sa mga pinsalang naging epekto ng tsunami.
4. Balikan ang naging aksyon ng komunidad sa tsunami. Gawing basehan ito sa pagbuo ng mas mahusay na plano ng paghahanda.




*Ginamit na sanggunian ang mga flyers ng READY Project ng NDCC, PHIVOLCS, PAGASA, MGB, NAMRIA*

*Unang inilathala ng Strengthening Assets and Capacities of Communities and Local Governments for Resilience to Disasters (ACCORD Project)*

# TSUNAMI



*Muling inilimbag ng*

**DRR Activity-linked Humanitarian Assistance to Vulnerable households in the Philippines affected by Nesat and Nalgae (N & N Project)**

*At ng*

**Immediate humanitarian response to the populations most affected by Typhoon Washi in the Philippines (WASHI Project)**

EUROPEAN COMMISSION
Humanitarian Aid and Civil Protection

care

ACCORD

# Ano ang tsunami?

Ang tsunami ay sunod-sunod na malahiganteng alon sa dagat na resulta ng isang malakas na lindol sa ilalim ng dagat.

Ang salitang tsu-nami ay galing sa salitang Hapon na ang ibig sabihin ay “alon sa pantalan”.



# Ano ang panganib na dala ng tsunami?



1. Umaabot ng mahabang oras na nakataas ang alarma ng panganib ng tsunami.
2. Mataas ang bilang ng namamatay sa pagdating ng malalaking alon.
3. Lumalampas sa mga pambansang teritoryo kaya hindi lamang iisang bansa ang maaring maapektuhan.

# May naranasan na bang tsunami sa Pilipinas?

Nagkaroon na ng mga pagtama ng tsunami sa bansa. Isa dito ay nangyari noong Agosto 16, 1976. Ang napakalakas na lindol sa Moro Gulf ay lumikha ng tsunami na tumama sa timog-kanlurang baybayin ng Mindanao. Umabot sa limang metro ang taas ng tsunami. Mahigit 4,000 katao ang namatay mahigit 9,000 ang nasugatan, may 2,000 ang hindi na natagpuan at may 12,000 ang nawalan ng tirahan sa North Cotabato, Sulu, Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, Lanao del Norte, Lanao del Sur, Maguindanao at Sultan Kudarat.




# Ano ang palatandaan ng tsunami?

1. Napakalakas na paglindol
2. Biglaang pagbabaw o pag-atras ng tubig-dagat

# Ano ang maaaring gawin na paghahanda sa tsunami?

***Bago Mangyari ang tsunami***

1. Tumulong na magbuo ng sistemang pambabala sa tsunami para sa inyong lugar.
2. Ipalaganap ang impormasyon tungkol sa mga panganib ng tsunami.
3. Sanayin ang komunidad sa mga aksyong dapat gawin sa paghahanda at sa pagdating ng tsunami. Magsagawa ng tsunami drill.
4. Pakiramdaman ang lindol. Malakas ito kung nahihirapan na manatiling nakatayo.
5. Lumayo mula sa baybaying dagat matapos ang malakas na lindol.
6. Obserbahan ang dagat kung may palatandaan ng tsunami:
   a. Biglaang pagbabaw o pag-atras ng tubig-dagat
   b. May tunog na hawig sa paparating na tren
7. Sa biglaang pagbabaw ng tubig dagat, maari itong mag-iwan ng iba’t ibang uri ng isda, makulay na mga coral at iba pang uri ng lamang dagat. Huwag mag-aksaya ng panahon para mamulot ng mga bagay na ito.
8. Kaagad na lumikas palayo sa dagat at magpunta sa mataas na lugar.
9. Maglagay ng proteksyon sa baybaying dagat sa pamamagitan ng pag tatayo ng breakwater.
10. Magtanim ng mga mangrove at puno malapit sa dalampasigan.